

Ang Iyong Mga Karapatan sa Trabaho bilang isang Taong May Kapansanan at ang ADA

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay isang batas na nagpoprotekta sa isang tao mula sa hindi patas na pagtrato dahil sa sila ay may kapansanan. Ito ay nangangahulugan na pinoprotektahan ng ADA ang mga taong may kapansanan mula sa diskriminasyon. Titiyakin ng ADA na ang mga taong may mga kapansanan ay may parehong mga karapatan at pagkakataon sa trabaho tulad ng lahat, sa tuwing sila ay gumagamit ng mga serbisyo ng estado at lokal na pamahalaan at sa tuwing sila ay bibili ng mga bagay at serbisyo mula sa mga lugar na bukas para sa lahat. Sasagutin ng information sheet na ito ang mga katanungan tungkol sa Pamagat I ng ADA na may kaugnayan sa trabaho.

Paano Ko Malalaman kung Protektado Ako ng ADA?

Isinasaad ng ADA na ikaw ay mayroong kapansanan kung ang paggana ng iyong katawan o utak ay naiiba sa karamihan ng mga tao kaya mas mahirap o imposible para sa iyo na gawin ang mga bagay tulad ng makarinig, makakita, magsalita, mag-isip, maglakad, o huminga. Minsan makikita mo ang kapansanan ng isang tao. Maaari silang gumamit ng wheelchair o gumamit ng puting tungkod kapag sila ay naglalakad. Ngunit ang isang tao ay maaari ring magkaroon ng kapansanang hindi mo makikita tulad ng autism, diabetes, cancer, mga problema sa pagkatuto, o maaaring sila ay bingi o mahina ang pandinig.

Pinoprotektahan din ng ADA ang mga taong nakakaranas ng diskriminasyon dahil sila ay:

- Dating may kapansanan (kahit wala na ngayon),
- Hindi kailanman nagkaroon ng kapansanan, ngunit iniisip ng ibang tao na mayroon sila, o
- Malapit sa isang taong may kapansanan tulad ng kanilang anak, magulang, o asawa.

Ano ang Aking Mga Karapatan sa Trabaho sa ilalim ng ADA?

Pinoprotektahan ka ng ADA mula sa diskriminasyon dahil sa pagkakaroon ng kapansanan kapag ikaw ay nag-aaplay ng trabaho at kapag ikaw ay nagtatrabaho. Sa trabaho, saklaw ng mga proteksyong ito ang pagtanggap, pagtanggap, pagsasanay, sweldo, promosyon, benepisyo, at bakasyon. Sa ilalim ng ADA, ang ibig sabihin ng bakasyon ay ang pagpapahinga sa trabaho kapag lumala ang iyong kapansanan o kung ikaw ay magkakasakit. Hindi ka rin maaaring abalihin ng mga tao sa trabaho dahil sa iyong kapansanan, at hindi ka maaaring tanggalin o parusahan ng isang taga-employo dahil sa paghingi ng iyong mga karapatan sa ADA. Pinakamahalaga, may karapatan kang humingi ng makatuwirang akomodasyon kapag ikaw ay nag-aaplay at pagkatapos mong matanggap sa trabaho.

Ano ang "Makatuwirang Akomodasyon"?

Ang makatuwirang akomodasyon ay ang anumang pagbabago sa isang trabaho, sa lugar kung saan ka nagtatrabaho, o sa karaniwang pamamaraan ng trabaho na magbibigay-daan sa iyo na mag-aplay sa isang trabaho, gawin ang trabaho, o makakuha ng parehong mga benepisyo na nakukuha ng ibang tao sa iyong trabaho. Kadalasan, ang taga-employo ay dapat magbigay sa iyo ng tulong na iyong kakailanganin para mag-aplay sa isang trabaho o upang gawin ang iyong trabaho. Ngunit kailangan mong magawa ang trabahong gusto mong gawin o tinanggap ka para gawin, mayroon man o walang makatuwirang akomodasyon. Ang ilan sa pinakakaraniwang uri ng akomodasyon ay ang:

- Mga pagbabago sa gusali kung saan nagtatrabaho ang isang tao tulad ng paglalagay ng isang rampa, o pagpapalawak sa lugar ng trabaho o palikuran
- Isang tagasalin ng sign language para sa mga taong bingi kapag dadalo sila sa mga pagpupulong o pagsasanay

- Isang tool para basahin kung ano ang nasa screen ng computer o pagbibigay ng pagsasanay at mga dokumentong nakasulat sa Braille o mga audio computer file para sa isang taong bulag o nahihirapang makakita
- Mga computer tool para sa taong nahihirapang gamitin ang kanilang mga kamay
- Isang mas tahimik na lugar ng trabaho o mga headphone na magbabawas ng ingay para sa isang taong may kapansanan tulad ng autism
- Pagsusulat ng mga tagubilin o checklist para matulungan ang isang taong may kapansanan tulad ng Down's syndrome na magawa ang kanilang mga tungkulin sa trabaho
- Pagpapahintulot sa ibang iskedyul ng trabaho o oras ng pahinga ng isang tao upang magpagamot sa isang kapansanan o upang sanayin ang isang service animal

Ano ang Dapat Kong Gawin Kung sa Tingin Ko Kakailanganin Ko ang Makatuwirang Akomodasyon?

Kung sa tingin mo kakailanganin mo ang isang akomodasyon kapag ikaw ay nag-aaplay sa isang trabaho o kung ikaw ay nasa trabaho, dapat kang humingi ng akomodasyon. Maaari kang humingi ng makatuwirang akomodasyon anumang oras kapag nag-aaplay ka ng trabaho o anumang oras bago o pagkatapos mong magsimulang magtrabaho.

Paano Ako Hihingi ng isang Makatuwirang Akomodasyon?

Dapat mong ipaalam sa iyong taga-empleyo na kailangan mo ng akomodasyon dahil sa iyong kapansanan. Hindi mo na kailangang kumpletuhin ang isang espesyal na form o gumamit ng ilang partikular na mga salita. Halimbawa, kung ikaw ay gumagamit ng wheelchair at hindi ito kasya sa ilalim ng iyong mesa, dapat mo itong sabihin sa iyong supervisor. Ito ay isang kahilingan para sa isang makatuwirang akomodasyon. Ang isang ulat ng doktor na humihiling ng pagpapahinga dahil sa isang kapansanan o nagsasabi na maaari kang magtrabaho ngunit kailangan mo ng ibang iskedyul sa trabaho dahil sa isang kapansanan ay isa ring kahilingan ng makatuwirang akomodasyon.

Ano ang Mangyayari Pagkatapos Kong Humingi ng isang Makatuwirang Akomodasyon?

Kapag humingi ka ng isang akomodasyon, kailangang makipag-usap sa iyo ang iyong taga-empleyo tungkol sa kung paano maibibigay ang akomodasyon. Kung ikaw ay mayroong kapansanan na hindi alam ng taga-empleyo, maaari silang humingi sa iyo ng mga papeles mula sa iyong doktor o iba pang tagapagbigay ng serbisyong medikal na nagpapatunay na mayroon kang kapansanan at nagbibigay ng mga dahilan kung bakit kailangan mo ng makatuwirang akomodasyon. Ikaw at ang taga-empleyo ay dapat magtulungan upang makahanap ng akomodasyon na angkop sa iyo. Hindi kailangang ibigay sa iyo ng iyong taga-empleyo ang eksaktong akomodasyon na iyong hinihingi. Ito ay dapat na "makatuwiran". Ngunit ang akomodasyon ay dapat magpapahintulot sa iyo na gawin ang parehong trabaho na magagawa ng mga taong walang kapansanan. Kung ang akomodasyon ay masyadong mahal o masyadong mahirap gawin para sa iyong taga-empleyo, maaaring makipag-usap sa iyo ang iyong taga-empleyo tungkol sa mga alternatibong paraan na gagana pa rin.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kung sa Tingin Ko ang Aking Mga Karapatan sa Trabaho ng ADA ay Hindi Naibigay?

Dapat kang makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng Equal Employment Opportunity Commission (EEOC). Ang EEOC ay isang ahensya ng gobyerno na tumutulong sa mga tao na makuha ang kanilang mga karapatan sa trabaho. Tutulungan ka nilang suriin kung dapat kang magsampa ng kasong diskriminasyon laban sa iyong taga-empleyo, Pambansang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng EEOC: 800-669-4000 (voice), 800-669-6820 (TTY), 844-234-5122 (ASL video phone), info@eeoc.gov (email), [Impormasyon sa Mga Lokal na Tanggapan ng EEOC: https://www.eeoc.gov/field-office](https://www.eeoc.gov/field-office), Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa ADA at sa iyong mga karapatan, maaari ka ring makipag-ugnayan sa Pacific ADA Center: (800) 949-4232 (Voice/Relay), adatech@adapacific.org (email)